Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-66 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-17 NG OKTUBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 319-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPATIBAY SA SUBDIVISION DEVELOPMENT PLAN NG *EXPANSION* NG BLOOMFIELDS RESIDENCE PROJECT NG FIL-EARTHSCAPE PROPERTIES CORPORATION NA MATATAGPUAN SA BARANGAY LONGOS, LUNGSOD NG MALOLOS, MAY SUKAT 5,185 METRO KWADRADO HUMIGIT KUMULANG.**

**AKDA NINA: KGG. MICHAEL M. AQUINO,**
**KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
**KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**KAMAY-AKDA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** si G. Marlon Maglalang, Pangulo ng Fil-Earthscape Properties Corporation, ay naghain ng aplikasyon para sa *Subdivision Development Plan* ng *expansion ng* kanilang proyektong *Bloomfields Residence;*

**SAPAGKAT,** ang lupang inihain ay nasa ilalim ng Titulo Blg. 039-2022000528, 039-2022000529 at 039-2022000530, matatagpuan sa Barangay Longos, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang Department of Agrarian Reform (DAR) ay nagbigay ng sertipikasyon para sa mga paksang lupa;

**SAPAGKAT,** ang kapangyarihan ng pagbibigay ng pagpapatibay ng *Subdivision Development Plan* ay nailipat sa lokal na Sanggunian sa pamamagitan ng mga batas at alituntuning gaya ng *Local Government Code of 1991 o R.A 7160, Executive Order No. 71* at Batas Pambansa Blg. 220;

**SAPAGKAT,** ang pag-aaral at pagpapatibay ng aplikasyon ng isang subdibisyong residensiyal ay naaayon sa *Revised Implementing Rules and Regulations ng Housing and Land Use Regulatory Board Presidential Decree No. 957,* gayundin sa Batas Pambansa Blg. 220;

**SAPAGKAT,** wala ni isa man sa mga pinuno ng mga tanggapan na may kinalaman sa paksang aplikasyon ang nagpahatid ng liham ng may pagtutol o' pagpapahayag ng anumang alituntuning maaring labagin sa pagpapatibay ng paksang aplikasyon;

Sa pamamagitan ng mungkahi ni **Kgg. Michael M. Aquino** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Subdivision Development Plan ng *Eexpansion* ng Bloomfields Residence Project ng Fil-Earthscape Properties Corporation na matatagpuan sa Barangay Longos, Lungsod ng Malolos, may sukat 5,185 metro kwadrado humigit kumulang.

**IPINASIYA RIN NA,** ang mga isinumiteng plano ay natagpuang angkop sa mga ginawang pagtatama batay sa mga rekomendasyon at sang-ayon sa batas ay itatatak ang selyo ng pagpapatibay ng Sangguniang Panlungsod;

**IPINASIYA PA RIN,** na hilingin sa Punong Lungsod na atasan ang iba't ibang tanggapan ng Pamahalaang Lungsod na may kinalaman sa mga gawaing pagpapaunlad gaya ng Panlungsod na Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero, Tanggapan ng Panlungsod na Manggagamot at iba pa na tiyakin na ang mga konstruksyong isasagawa kaugnay sa kapasiyahang ito ay hindi lilihis sa mga detalyeng nakapaloob sa mga planong pinagtibay sa pamamagitan ng kapasiyahang ito at mga planong natatakan ng selyo ng Sangguniang Panlungsod at mabigyan ng ulat sa tuwi-tuwina ang Sangguniang Panlungsod para sa karampatang aksyon ukol dito.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10172023